

MANILA LIBRARY

Gel Tutul

Kem Tau Gnan

1

Stories



Tboli

PUBLISHED

in cooperation with the
Bureau of Elementary Education
and the
Institute of National Language
of the
Ministry of Education and Culture
Manila, Philippines

*Additional copies of
this publication may
be obtained from:*

*Fillit
P.O. Box 2270
Manila 2801*

or

*Fillit
Nasuli, Malaybalay
Bukidnon 8201*

Tboli
Story Book 1
17.60-879-3.4C 54.20D-796065N
Printed in the Philippines
SIL Press

FOREWORD

Some of the glory of the Philippines lies in the beautiful variety of people and languages within its coasts. It is to the great credit of the national leadership over the years that no attempt has been made to destroy this national heritage. The goal has been instead to preserve its integrity and dignity while building on this strong foundation a lasting superstructure of national language and culture.

The present book is one of many designed for this purpose. It recognizes the pedagogical importance of dividing literacy and second-language learning into two steps--literacy being the first. When a student has learned to read the language he understands best, the resulting satisfaction in his accomplishment gives the drive and confidence he needs to learn the national language. His ability to read, furthermore, is the indispensable tool for the study this program will require.

The Ministry of Education and Culture of the Philippines is proud to present this latest volume on a nationwide series designed to teach the national language through literacy in the vernaculars. It will strengthen both the parts of the nation and the whole.

JUAN L. MANUEL

Minister of Education and Culture

This book was written by Ngon Awéd during her participation in a Writer's Workshop held at Nasuli, Bukidnon in August 1979, in cooperation with the Summer Institute of Linguistics.

The articles appear first in Tboli. In the second section the same articles appear in Pilipino as translated by Miss Neri Zamora. It is hoped that this book will help speakers of Tboli increase their skills of literacy and communication as a first step toward developing these skills in the National Language.

In order to read Tboli pronounce the letter e as in the, the letter é as in yet, the letter o as in cough and the letter ó as the Spanish o. The other letters are pronounced as in the National Language.



UNGÉ LAMI NE TOBOD

Hek kun Ungé Lami ston le Tobod bè lan.
Mon Ungé Lami mò ke Tobod, Sbuñù te, Sembilà.
Ê, bée dou, mon Tobod, tey kudiem yóe, Ungé Lami.
Là kun ne, mon Ungé Lami, mò gunu trailów kgis.

Ngang Ungé Lami mubug ke Tobod kun mefet
móyô sbuñù. Tahu se sbuñù le bè bótóng lan le
Ungé Lami ne Tobod.

Timbow deng legen kesbuñù le wen gungol
Tobod muni lekdê, ne monen, Unì lekdê ni, Wè
Sembilà Ungé Lami? Sundu, mon Ungé Lami, unì
seben btang, Wè Sembilà Tobod.

Anì monem yó koni yem gungol Tobod lekdê
yó, unihen sfék doli haha Ungé Lami.

UNGÉ BONG

Wen sotu Ungé Bong kun wen gunuen lohok
but koyu. Yó kwen ngaen yem Ungé Bong ni hitu le.

Timbòw kifú bè yó, là dogen mò ken Ungé
Bong. Gotu tódô tungô yem kwen kem ngà Ungé
Bong.


Timbow deng tay sóól buteng, btik Ungé
Bong, gnómen kbitilen. Ominen mò ken. Tek
sotuhén hingol mò ken bè kohù.

Nee dmemen sotu ngaen, btik ebè yéén, monen,
Tek te lewu mken du kóe Yê. Mon Ungé Bong se, El.

Bud btik yem gewu ngà Ungé Bong kun, bud
monen, Tek kuy tlu mken du kóe Yê. Bud mon
Ungé Bong, El. Bud dmemen yem getluhen, bud
monen, Tek kuy fat mken du kóe Yê. Bud mon
Ungé Bong, El. Bud btik yem gfat le, bud monen,

Tek kuy himu mken du kóe Yê. Mon Ungé Bong,
El. Bud btik yem glimuhén, bud monén, Tek kuy
nem mken du kóe Yê. Bud mon Ungé Bong, El.
Bud btik yem gnemen. bud monén, Tek kuy hitu
mken du kóe Yê. Bud mon Ungé Bong, El.

Timbow nee btik yem ghitu ngà Ungé Bong
bud monén, Tek kuy wolumken du kóe Yê. Bud mon
Ungé Bong, El.



Tahu se nen e tógó yem ken nmò Ungé Bong,
ne nólólen. Weyò deng mom laen dù ke Ungé Bong
yem ken le tnógohen yó, tódô sfeng bè kem ngaen
hitu le. Tódô myón ke Ungé Bong laen dù kun ken,
tek són kem ngaen mken.

Nee sut Ungé Méléé, monen mò ke Ungé Bong,
Yó se dou gunu là alí hdê ngà, Ungé Bong, wadag
moem alí dē henken. Tey kik Ungé Bong kun nen
e gungol yem mon Ungé Méléé mò du yó.



NGÀ HIKIT NE NGÀ TÙ

Tehe yu kun ekni, wen Ngà Hikit wen ngà
ohuhen. Okóm nim Ngà Hikit ne Ngà Tù ni, laen
dù gunù le, sòn lem lafù gunu le gel tungô.

Timbow sotu kifu bè yó tungô Ngà Hikít ne Ngà Tù. Wen kna Ngà Hikít. Yó knahen tising ne blunsù blówón nù lem kokol. Monen mò du yem tuha logi bè knahen, Géhéli btik, Ngà Hikít, na ye e nwa turn blunsù ne tising nù lem kokol. Okóm tengelem fi bè mata kdaw. Nénégem yem wen koyu bukay mteg, tódô nù lem buten yem kokol gunuhen nù yem tising ne blunsù.

Timbow dmemen Ngà Hikít gomong dmemen se ké Ngà Tù. É, mor Ngà Hikít, wen knahu tising blówón ne blunsù blówón. Lemwót te, Ngà Tù, na te e hnénég. Tahu se le Ngà Hikít ne Ngà Tù hetlasik le lemwót. Tódô lolò Ngà Hikít yem deng hlau yem tuha logi du bè knahen.

Timbow le kól bè yem but koyu bukay, temngel Ngà Hikít ebè yem but koyu, tódô tonen yem kokol wen tising ne blunsù sektes lemen. Nee tenfólól Ngà Hikít blunsù, tódô mlóy elem hólólen. Lemwót Ngà Hikít bud tó tenfólólen tising, mom là mógówen elem hólólen. Omin Ngà

Tù temfólól se kun, tódô mógów elem hólólen
tising. Omin le yó lemwót mulék le Ngà Hikít
ne Ngà Tù.

Timbow le kól ditu bè tehe lem lafù gunu
le nù, tódô le baling datù le Ngà Hikít ne Ngà
Tù. Deng tey tilob gunù le, hlò nbeng ma olung
bengen.

YEM LOGI MATAY YEHEHENEN

Tehe yu kun ekni, wen kem tau syehen,
tólóng le gunù. Okóm matay yem libun, lewu
ngà tebelen. Hanà tolo udi he ni kem ngà tabel
yéen ni.

Sónmoen tendo hedem yem logi matay yehenen
yó koni. Yó hendemen yó kem ngà tebelen béléen
yem yehenen deng matay. Abay se hanà le
udi yó kem ngà yó, là deng le hulung hedem ke
bo tedu tô kmò le.

Timbow tmakas hemdem du yem logi yehenen
deng matay gunun tagak yó kem ngà yó koni, tódô
gel mkik kudung elem tonok. Timbow deng tmakas
mkik tódô bud gel htinof lem blóng kem lewu ngaen.

Deng bud hilu butengen bè yó, gotu tinoken
kem tuhahen, yéen ne maen. Ne tahu se gotu le
mógów ebè yem ngà le logi matay yehenen yó, yó
kem lewu tuhahen, kól le ebè yó bè gunuen.

Ominen gotu hyón kul lohoken. Ne molen,
E Yê ne Mà, ni tebelu bélê ye ni kem lewu ngà
nii. Naw na htabag, denge tmakas hemdem yem
yê le deng matay. Hol bê ye hensidek lu, Mà,
Yê, ni kem lewu ngau, yakà dengen matay yê le.
Tahu se gotu le mung ke témê le ne bé le yó
kem lewu ngà yó koni.

Tahu se kun tódô lemwót htabag yem logi
matay yehenen yó. Tódô htabag gu lem dlag
koyu. Yó se gunun gmafit du kifú, yó se gunun
tódô tungô yem logi matay yehenen yó koni.

Yó kegenen tendo htabag mógów botong wolu
halayen, tendo lembos htabag là mtukul. Són
gel kenen hosò, likón, tulé, bisol ne kdê kem
som gel lowilen.

Timbow deng gsut bè yem gunun lamang datal
tódô ton yem logi matay yehenen yó yem tey
tilob gunù bong. Ominen tendo hlóni edu,
ngangen hlóni efet mdà talak lósól yem logi htabag
yó koni. Ne tódô tonen hnok sfuhen hono tindà,

ómón tó léhéék kmò ktonen du botong lem yem
tindà bè yem gunù.

Timbow legen kdaen laan yem logi matay
yehenen yó, tódô tonen yem libun kmó gu ta.
Ne mudél yem libun fun yem gunù ne monen, Na
kilón kkólem bè ni du? Hanà lomi he, mon yem
logi matay yehenen yó. Tey all kbong nawahem
dou, mon yem libun fun yem gunù, igou deng
tehe tmagak kóm bè kut benwu. Ou se yem tehe
yehenem deng matay yu ekni.

Ya tey ketnga yem logi htabag yó, ne tey
kehyu nawan. Deng bud tonen yem yehenen tehe
deng matay. Tódô kem lenkefen yem libun yó, ne
dalang se kun yem libun tehe matay yó, tey kehyu
nawan se kun.

Omin yem libun mit yem logi husek elem
gunù, ne mon yem libun, Newe mò ken he kóe mò
ken te. Tahu se mò ken yem libun tehe matay
yó, ne hyu métê onuk mò utón le.

Timbow deng tógó yem ken yó omin yem libun
mólól du yem ken dalang se yem utón. Hyu le
song mken yem libun ne yem logi. Deng kken le
omin le stulón, mon yem libun mò yem logi, Sok
bong nawam dou kóe béi tagad mung dou ditu bè
gunuu tungô ta. Ni wen dfél bè ni laan mò
gunum tungô. Tahu se, mimón yem logi.

Timbow kimel hyu toloken du yem dfél mò
gunun tungô. Monen, Ni dé yem dfélem, ne wen
igam nù lemen, ne wen kama hem nù du. Wolu bulón
ni he kestungô te abay se tolohe mnagi. Ne
omin te mulék ebè kem ngà te tabel bè bé le.

Ngangen ne kun deng dê butengen kól bè yó
yem logi yó. Yó gel nmò yem libun yehenen, gel
mnagi, tódô ket hayahen gel lemwót nee mnagi.
Gel tabel bè gunu yem logi. Bud gel mulék yem
libun sok gel kimel.


Timbow deng hitu bulónen bè yó bud lemwót
mnagi yem libun yehenen yó. Ominen mon du yem

logi, Boluyen yem ali nalihen ta yem yehenu,
na hnénég de, déke wen logi bnosen ditu ta.
Omin yem logi yehen yem libun mngi yó koni nee
maut bè yem aut, deng kéng tódô ulukem eta.
Slong dmemen yem logi deng mom tódô myón ta
yem lebeng gunan lembeng ke yehenen.

Timbow tonen yem kdos yehenen tódô hluy
mkik bè yó. Adéy! monen, boluy nahu ebè ni
du? Igou tehe nù bè gunù yehenu koni!

Nee hetlasik mlóy mulék ebè gunù yéen ne
maen. Monen, Hetlasik ye, tnóbóng ye ou mokol
yem lebeng yehenu, deng tonu, ne ditu gunuu nù.


Ne tahu se gotu tbó kdéen tau, gotu nwtien
lu yem mà yem logi yó. Ne le e nokol lebeng
yem libun tehe matay deng bud ton yem yehenen.
Kól le ditu abut le mokol yem lebeng. Ngang
le mokol efet ton le tehe tiol yem libun matay
yó, bang bud tonem gunù de.



Ya tey kik yem logi matay yehenen yó, tódô hluy gu lem tonok, monen, Yakem tehe nimóau yem monen mò dou, igoen tek sbulón ni duen. Ya tey udél le yéén du ne maen. Tódô kem bud mulék elem blóng kem ngaen ne yem logi matay yehenen yó koni.

TUTUL KEM TAU WOLU

Tehe yu kun ekni lem wót kem tau wolu,
mógów le elem tuduk ne le e hnénég blatik le.
Sotu ngà mung kul. Tehe le blafus, slong le
gefet deng tey kime! Mon le, Tagad tenggel
he blatik, tenggel haya he. Na kuy mò slung
gunu kuy tungô.




Tahu se. Deng haya bè yó lemwót le ménég
blatik. Ne kól le ditu, wolu se mógów, wolu
se sdô le. Gotu nwit le ebè slung, ne tódô
sotu kun métê yem kun sdô. Ne sotun se kun
métê du kun sdô yem ngà mung kul yó koni. Deng
yem sotu, bud bnausen, bud lemwót. Bud deng
sotu tódô lemwót, là dog le sfangat. Ngangen
gotu lemwót yem kdê le, són yem ngà tagak. Ne
deng se kun ominen bud hebko lemwót snéen.

Okóm bè yem kdê le, fat se yem là bentù
le yem kulu sdô le, fat se yem bentù le kul.
Timbow kól bè lan yem fat là bentù le yem kul
kulu sdô nwit, fat se matay. Gotu nsék le lihol
yó kem tau mbô kul yó kem kulu sdô tehe nbô
le. Yó gfat le yem ngà udì tehe mung kul.

Ne tek fat tau bud gehlós mulék eta. Ya
tey ketnga yó kem tau deng gefet abay se mefet
kifu là kól yó kem tau tehe durnu le slomong.

Ominen hlafus bè yó gotu hnénég le lu
mulit lan, ne gotu ton le lu deng mekleng kulu
le. Ya tey ketnga le, là tngón le du des yó
kem dumu le. Omin le gotu mit yó kem fat
bnaus yó kem tau deng matay. Yem kun bnaus
yem ngà tódô heflós le ebè yéen, dalang
se bnaus yó kem dumu tódô heflós eted le ebè
yó kem kul tuha libun. Ya tey kik le nee són
yem sdô kól eta. Là bud ton le kul kól yó kem
kul tuha logí. Ya yó nem yê yem ngà, deng tódô
tô hatayen kiken. Là bud tonen du kól yem kun
ngà.



DUÓNEN LÀ BUD MALAS SOWU KMOEN NI


Tehe yu kun ekni wen Sowu nù klokok lan, tey sidek klóbóen, ne tey malas. Sok gel wen tau mlan sal gel dilut Sowu sogu yem tau mógów yó. Ne ke kól bè gunuen yem tau dilut Sowu soguhen yó, tódô kendel matay. Sok gel lebeng le yem tau matay dilut Sowu soguhen, ne tey gel klélé le du.

Nee wen tau mius bè yó, snólók Sowu, monen, Boluyen yem knélé ye? Là, mon yem tau mius yó, klélé le mehek. Tey sidek kebut Sowu, lenbuten knuen, monen, Là lóbóen ilóu yem alasu sok là matayen yem tau dilutu soguhen.

Bud wen sotu tau mian bè yó, bud dilut
Sowu soguhen. Ne kól bè kun gunù yem tau dilut
Sowu soguhen tódô kendel bud matay se kun.
Timbow bud lebeng le tey klélé le lembeng du.

Bud mius bè yó sotu tau, bud snólók Sowu,
monen, Boluyen yem ali knélé ye? Sundu, mon
yem tau snólók Sowu, klélé le mò ken.

Ya Sowu tey sidek kebuten knuen, monen,
Lewaku ne nim alasu, kern lóbóe se. Deng lewu
tau dilutu soguhen là se matay le. Tahu se
kun lewak Sowu ta doun bilà alasen.




Timbow ngón yó kem ulal, gotu le dmilut
bè yem alas Sowu ta doun bilà yó. Yó tanay
dmilut Ulal Lugod, Ulal Lamay ne Ulal Segli. Ne
kdéen kay ulal gotu dmilut yem alas Sowu deng
lewaken.

Ne tô dmilut ke Metek, botong kbongen sol
tiba gunu le mafas du yó kem ulal. Mon le, Béi
gbót dmilut kóm du, yakà ket tau tonem ket nékém.
Tahu se kun là gbóten dmilut ke Metek kun.

Stong dmilut ke Ulal Ledak kun deng lemdak
doun bilà, du hol són huli dmilut bè alas Sowu.

Ne ni kmoen ni sok wen tau bud ton Sowu
mlan bè yó, là bud diluten du soguhen abay se
là buden malas, deng tehe lewaken.



TUTUL TAU GNAN

Tehe knóng kdaw gnan kun ekni gotu kti
kdéen éi. Balù ùđi ke wen éi tonem.

Bè yem kmoen yó, wen sotu tau wen ohuhen.
Nim ohuhen ni lemwót hiafus htabag. Slong kól
deng kemdaw. Sónmoen tendo mnges yem funen,
igò yem tey héfê bè lówóhen. Senmoen hemtaw
du yem funen. Hentawen héfê bè lówó yem ohu.
Monen, Dô wen éi gunuhen gu ohu ní.

Ngangen ne kun efet bud lem wót yem ohu
bud htulé bak dól. Ominen huli du yem funen.
Ket lan yem ohu ket lan yem tau funen.

Ngang le mógów efet le kól bè yem gunun
wen dlagen. Ne beklil yem ohu elem yem but
koyu bong. Ominen binguy semfulék ebè yem
funen mung du. Tahu se mógów etu yem tau yó,
tódô tonen él semfut gu laan yem tey botu bong.
Bè ktonen yem él yem tau yó tódô sniwihen
yem ohuhen, botong kehyu nawahen.


Omin yem tau yó hemtilob mokol kmilib yem
él, nmoen kokol. Deng kmoen du kokol, ominen
mlóy mulék ebè gunuen. Ominen gotu htaba kem
dumuhen sebét gmunù bè yó. Tahu se gotu le
sbung béleén bè gunuen. Ominen mon du mò yó
kem tau deng tinoken yó, Deng tekuy mowil ne
ni. Deng wen él tonu. Mon yó kem dumuhen,
Gunuhem mton él de kóm? Là, mon yem tau fun
ohu mton él yó koni, ton yem ohuhu lanen htabag.
Slong kól deng talak kemdaw. Sónmoen mnges

dou, lel tey héfê gu bè lówóhen. Ne nwiten
ou lemwót yem ohu yó.

Timbow me kól bè yem koyu wen tey botu
bong nù laanen, tódò tonu éi semfut gu laan yem
botu bong yó koni. Ya tey kehyu nawahu botong
lenkefu ngà ohuhu.

Nawaw se kul ktimul óyò yó kem tau tinok
nim tau fun ohu fen mton éi, tódò gotu sniwi
le yem ohu ne gomong sniwi le se kun yem tau
funen. Mon le, Tey hyu kut yó de, Wè.

Igoen tey nóng kdaw mékékéng són tonem bala
tonok mom huìò.



Deng tekuy mowil ne mni, mon yó kem tau,
deng wen éi tekuy. Ke là uu fen wen ohuhen,
mefet ni laen kô éi tekuy se.

Hlós yó koni ket gmunù mò ken, ket meted
bè yem ohu ne yem tau funen snéen. Hoi lumun
kmò le du lumun ke tau. Yó se botong kboong
nawa le du. Ne nbuten bè yó ne tendo wen éi.

Ang Dagang Bukid at ang Dagang Bahay

Makinig kayo. Ayon sa sabi, nagkasalubong ang Dagang Bukid at ang Dagang Bahay sa daan.

"Dagang Bahay, magbuno tayo," ang yaya ni Dagang Bukid.

"Masyado kang maliit, Dagang Bukid," ang sagot ng Dagang Bahay.

"Kahit na. Basta tingnan natin kung sino ang mas malakas sa atin," pagpupumilit ng Dagang Bukid.

Sa wakas napilit rin ng Dagang Bukid ang Dagang Bahay na magpambuno sila. At nagpambuno nga sila sa daan.

Matagal silang nagpambuno. Walang anu-ano'y nakarinig si Dagang Bahay ng kung anong nabali.

"Ano iyon, Kaibigang Dagang Bukid?" ang pagulat na tanong ng Dagang Bahay.

"Walang anuman iyon, Kaibigang Dagang Bahay. "Ingay lamang iyon, ng nabuwal na kawayang maliliit," ang sagot ni Dagang Bukid.

Datapuwa't sa katotohana'y ingay iyon na likha ng pagkabali ng hita ng Dagang Bukid.

Kuwento Ito Tungkol kay Dagang Malaki

Noong unang panahon, ayon sa sabi, may isang malaking dagang nakatira sa ilalim ng isang punong-kahoy. Pitong lahat ang anak ng nasabing malaking daga.

Isang gabi, tumulog na nang hindi pa naghahapunan ang mag-anak na ito.

Nang hatinggabi na, nagising si Dagang Malaki. Gutom na gutom siya. Kaya, naisipan niyang lutuin ang natitira pa nilang kaunting bigas. Mag-isang naghanda ng pagkain si Dagang Malaki.

Nagising ang isa sa anak ni Dagang Malaki. Pinuntahan niya ang kaniyang ina.

"Tayo po lamang dalawa ang kakain nito, hindi po ba, Nanay?"

"Oo," sang-ayon naman ni Dagang Malaki.

Isa na naman sa kaniyang anak ang nagising.

"Tayo po lamang tatlo ang kakain nito, hindi po ba, Nanay?" ang tanong niya.

"Oo," sang-ayon naman ni Dagang Malaki.

Isa na naman sa kaniyang anak ang nagising.

"Tayo po lamang apat ang kakain nito, hindi po ba, Nanay?" ang tanong niya.

"Oo," sang-ayon naman ni Dagang Malaki.

Isa na naman sa kaniyang anak ang nagising.

"Tayo po lamang lima ang kakain nito, hindi po ba, Nanay?" ang tanong niya.

"Oo," sang-ayon naman ni Dagang Malaki.

Isa na naman sa kaniyang anak ang nagising.

"Tayo po lamang anim ang kakain nito, hindi po ba, Nanay," ang tanong niya.

"Oo," sang-ayon naman ni Dagang Malaki.

Isa na naman sa kaniyang anak ang nagising.

"Tayo po lamang pito ang kakain nito, hindi po ba, Nanay?" ang tanong niya.

"Oo," sang-ayon naman ni Malaking Daga.

Isa na naman sa kaniyang anak ang nagising.

"Tayo po lamang walo ang kakain nito, hindi po ba, Nanay?" ang tanong ng anak niyang pinakahuling nagising sa lahat.

Nang maluto na nga ang kanin binahagi niya ito sa kaniyang mga anak. Wala nang para kay Dagang Malaki. Tamang-tama lang iyon sa kaniyang mga anak. Naupo na lamang siya sa gitna ng kaniyang mga anak na kumakain.

Dumating si Dagang Dilaw.

"Iyan na nga ba ang dahilan kung kaya't ayoko ng maraming anak, Dagang Malaki. Maraming pakakainin," ani Dagang Dilaw.

Napaiyak na lamang si Dagang Malaki sa sinabi sa kaniya ng Dagang Dilaw.

Ang Ulila at ang Tuta

Noong unang panahon, may isang ulila na may alagang tuta. Wala silang sariling bahay. Sa bulok na mga dahon lamang sa ilalim ng puno sila natutulog.

Isang gabi, kapuwa natutulog na sina Ulila at Tuta nang biglang managinip si Ulila.

"Gumising ka, Ulila. Kunin mo ang pulseras at ang singsing sa loob ng balon. Makikita mo ang balon sa dakong silangan ng punongkahoy na puti.

Nagising na sina Ulila at Tuta.

"Naku, nanaginip ako. Tungkol ito sa singsing at pulseras na ginto. Tayo na Tuta at hanapin natin ang mga iyon," yaya ni Ulila kay Tuta.

Lumakad na nga kaagad sina Ulila at Tuta. Sinunod ni Ulila ang bawa't ipinag-utos sa kaniya ng matanda sa kaniyang panaginip.

Madali naman nilang nakita ang balon sa tabi ng punongkahoy na puti. Nasa loob ng balon ang singsing na tila naghahabulan.

Inilahad ng ulila ang kaniyang palad at gumulong ang pulseras doon. Naiwan ang singsing. Hindi ito gumulong sa kaniyang palad. Kaya't si Tuta naman ang naglahad ng kaniyang palad. Gumulong ang singsing sa kaniyang palad.

Di nagtagal, bumalik na sila sa kanilang dating tirahan sa mga bulok na dahon. Biglang yaman sina Ulila at Tuta. Mayroon na silang napakagandang bahay. Isang bahay na ang dingding ay yari sa salamin.

Kuwento Ito Tungkol sa Isang Lalaking Namatayan ng Asawa

Noong unang panahon, may mag-asawang nagsasarili na may dalawang anak. Namatay ang babae kaya't naiwan ang dalawang batang kapuwa maliliit pa sa kaniyang pagkakandili.

Magmula noon, inisip na nang inisip ng lalaki ang pangyayaring iyon. Hindi niya malaman kung ano ang gagawin sa mga batang iyon na naiwan ng kaniyang asawa.

Kapag napagod na siya sa kailsip, mauupo na lamang siya at nakayukong iiyak. Kapag napagod na siya sa kailiyak, mananahimik na lamang siya sa tabi ng kaniyang dalawang anak.

Lumipas ang ilang gabi. Pinapunta niya ang kaniyang mga magulang sa kanilang bahay. Dumating naman sila.

Kinuwap nang makiusap ang lalaking namatayan ng asawa ang kaniyang mga magulang.

"Iwan ko muna sa inyo ang aking dalawang anak. Aalis ako. Hirap na hirap na ako nang kailsip sa kanilang inang namatay. Huwag kayong magiging masungit sa kanila sapagka't ulila na sila." ang sabi ng lalaki.

Umalis na nga ang lalaking namatayan ng asawa. Nagtungo siya sa gubat. Saan man siya abutin ng gabi'y doon siya natutulog.

Walong taon siyang naglayas na walang tunay na patutunguhan. Mga halamang-ugat na maaasim lamang ang kaniyang kinakain.

Minsan, napadako siya sa isang maluwang at patag na lugar. Nakakita siya rito ng isang napakagandang bahay. Pagkatapos, nilapitan niya ito hanggang sa matagpuan na lamang niya ang kaniyang sariling nasa loob na siya ng bakuran nito. Napansin niyang tila tindahan ang dulo ng bahay na iyon. (Sa katotohana'y kaburulan ang nakikita niyang iyon.)

Nang matagal-tagal na siyang nakatayo roon, isang babae ang nakita niyang pumapanaog sa bahay.

"Kailan ka pa dumating?" tanong ng babaeng may-ari ng bahay.

"Kararating ko lang," ang sagot ng lalaking namatayan ng asawa.

"Talagang labis ang pagmamahal mo sa akin. Hanggang dito ba nama'y nasundan mo ako? Ako ang iyong asawang namatay matagal nang panahon ang nakalilipas," ang paliwanag ng babaeng may-ari ng bahay.

Tuwang-tuwa ang lalaking itong naglayas sapagka't natagpuan na niya ang kaniyang asawang namatay. Niyakap niya ang babae at niyakap din naman siya nito. Gayon na lamang ang kaniyang kaligayahan.

Pagkatapos, ipinagsama na ng babae ang lalaki sa loob ng kaniyang bahay.

"Maghuluto ako ng pagkain upang makakain tayong dalawa," anang babae.

Nagluto nga ang babaeng matagal nang namatay. Nagsaing siya at nag-ihaw ng manok upang kanilang iulam.

Nang maluto na ang kanin, binahagi niya para sa kanilang dalawa. Sa iisang pinggan sila kumain.

"Kung ako'y talagang mahal mo, huwag ka munang pupunta roon sa silid na aking tinutulugan. May isang silid sa silong na maaari mong matulugan," anang babae.

Sinunod naman ng lalaki ang sinabi ng babae. Nang gumabi na, itinuro sa kaniya ng kaniyang asawa ang silid na para sa kaniya.

"Ito ang iyong magiging silid. Heto ang banig at mga unan. Papalipasin muna natin ang isang buwan at saka tayo magsasama sa iisang silid. Pagkatapos, babalikan natin ang ating mga anak na naiwan sa kanilang mga lolo at lola," dagdag pang sabi ng babae.

Lumipas ang maraming gabi. Ganito nang ganito ang nangyayari buhat nang dumating ang lalaki. Araw-araw, umaalis ng bahay ang babae upang mag-aral. Palagi namang naiwan ang lalaki sa bahay. Tuwing hapon umuuwi ang babae.

Pitong buwan ang matuling lumipas. Patuloy pa rin sa pag-aaral ang babae.

"Ano kaya ang itinatago ng aking asawa sa itaas ng bahay? Papanhik ako roon at titingnan ko. Siguro, lalaki ang itinatago niya roon," naghihinalang bulong niya sa sarili.

Kapagdaka'y pumanhik ang lalaki sa itaas ng bahay. Para siyang hinihilang paitaas. Matagal siyang nawala sa sarili hanggang sa matagpuan na lamang niya ang kaniyang sariling nakaupo siya sa puntod na pinaglibingan niya sa kaniyang asawa.

Nang makita niya ang krus ng puntod ng namatay niyang asawa, umiiyak siyang nagpagulung-gulong sa lupa.

"Ano ngayon ang aking gagawin. Paano ako napunta rito gayong kanina lamang ay nasa bahay ako ng aking asawa," anang lalaki.

Kaagad siyang nagtungo sa bahay ng kaniyang ama't ina. Takbong-takbo siya.

"Madali kayo. Tulungan ninyo akong hukayin ang puntod ng aking asawa. Nakita ko siya. Doon ako titira sa kaniyang napakalaking bahay. Naroon iyon sa lugar na pinaglibingan ko sa kaniya," anang lalaki.

Nagdatingan ang mga kapitbahay nila. Isinama sila ng ama ng lalaki. Hinukay nila ang puntod ng babaeng namatay na kakikita lang ng lalaki. Hindi sila tumigil sa paghuhukay hanggang sa makita nila ang buto ng babaeng namatay. Wala silang nakita. Ni bakas man ng bahay.

Gayon na lamang ang pag-iyak ng lalaking namatayan ng asawa, nagpagulung-gulong siya sa lupa.

"Kung sinunod ko lang sana ang sinabi sa akin ng aking asawa. Iisang buwan na lamang ang aking ipaghihintay," anang lalaki.

Minura siya nang husto ng kaniyang mga magulang. Ngayo'y kapiling na niyang muli ang kaniyang mga anak.

Ito ang kuwento tungkol sa lalaking namatayan ng asawa.

Kuwento Ito tungkol sa Walong Lalaki

Noong unang panahon, may walong lalaking nagtungo sa kagubatan upang bantayan ang kanikanilang pamitag. Isa lang ang bata sa mga ito. Maaga pa nang sila'y umalis nguni't hapon na nang sila'y makarating sa kagubatan.

"Bukas na nang umaga natin tingnan ang ating mga bitag. Magtayo tayo ng kanlungang may sahig na ating matutulugan," mungkahi ng isa sa kanila.

Ganoon nga ang kanilang ginawa. Kinabukasan, tiningnan nila ang kanilang bitag. Walo silang nagtungo roon. Walo rin ang baboy na nabitag. Dinala nila ito sa kanilang itinayong kanlungan.

Kaniya-kaniya sila ng pagpapatay, paglilinis at paghihiwa-hiwa ng kani-kanilang baboy. Nang matapos mahiwa ng isa sa mga lalaki ang kaniyang baboy, binalot niya iyon at kapagkuwa'y umuwi na. Nang makatapos na ang isa pa sa kanila, umuwi na rin siya. Hindi na sila naghintayan pa sa isa't isa. Nagkaniya-kaniya na silang lakad. Nahuli ang bata. Nguni't

umalis na rin siya nang makatapos siya sa paglilinis at paghihiwa ng kaniyang nabitag na baboy.

Biniyak ng apat sa walong lalaki ang ulo ng baboy na nabitag nila. Subali't hindi ganito ang ginawa ng apat na natira. Buo nilang iniuwi ang ulo ng baboy. Datapuwa't sa daan pa lamang ay nangamatay na ang apat na nag-uwi ng ulo ng baboy na buo. Kinain sila ng ulo ng baboy na kanilang dala. Nakasama ang bata sa namatay.

Nagtaka ang apat na nakauwi nang buhay sa kanilang bahay nang gabi na'y hindi pa dumarating ang apat pa nilang kasamahan.

Kinaumagahan, hinanap nila ang mga iyon sa kanilang dinaanan. Natagpuan nila silang lahat na pugot ang mga ulo. Gayon na lamang ang pagtataka nila. Hindi nila malaman kung anong uring kapahamakan ang sinapit nila. Pagkatapos, iniuwi na nila ang apat na balot na karne. Ibinigay nila ang mga ito sa asawa ng mga lalaking namatay. Sa ina naman ng bata nila ibinigay ang karneng nabitag ng bata. Gayon na lamang ang panangis ng mga asawa ng mga lalaking namatay nang karne na lamang ng baboy ang dumating sa kanila. Wala ang kanilang asawa. Gayon na rin lamang ang panangis ng ina ng bata. Tila ikamamatay niya ang pagkamatay ng kaniyang anak sapagka't kallanma'y hindi na siya magbabalik.

Ang Dahilan kung Bakit Walang Kamandag
ang mga Sawa Ngayon

Noong unang panahon, ayon sa sabi, may isang sawang nakatira sa tabi ng daan. Ang nasabing sawa ay mabagsik at may kamandag. Laging hinihimod ng sawang ito ang bakas ng paa ng sinumang magdaraan sa daang malapit sa kaniyang tinitirhan. Nang makarating na ng bahay ang taong ang bakas ng paa ay hinimod ng sawa, bigla na lamang siyang namatay. Nang inililibing na siya, maingay na maingay and mga tao.

"Ano't napakaingay nila?" tanong ng sawa sa isang lalaking nagdaraan.

"Wala naman. Ingay lang iyon ng mga taong nagtatanim," ang sagot ng lalaking nagdaraan.

Galit na galit ang sawa sa kaniyang sarili.

"Tila wala na yatang bisa ang aking kamandag. Hindi namatay ang taong ang bakas ng mga paa ay aking hinimod, a," bulong ng sawa sa sarili.

May nagdaan na namang isang tao. Hinimod din ng sawa ang bakas ng mga paa niya. Nang makarating ng bahay ang taong ito, bigla na lamang siyang namatay. Nang siya'y inililibing na, maingay na maingay na naman ang mga tao.

"Ano na namang ingay iyon?" tanong nga sawa sa isa na namang lalaking nagdaraan.

"Walang anuman iyon," ang sagot ng lalaking

nagdaraan, "ingay lamang iyon na nanggagaling sa kasalan."

Gayon na lamang ang pagkagalit ng sawa sa kaniyang sarili. Iluluwa ko na ang aking kamandag sapagka't wala rin namang halaga. Dalawang tao na ang hindi namatay nang himurin ko ang bakas ng kanilang mga paa," anang sawa.

Sa napakalapad na dahon ng halamang-ugat na bila niya iniluwa ang kaniyang kamandag.

Nang malaman ito ng mga ahas, pinuntahan nila ang halamang bila upang himurin ang lason. Ang mga ahas na sina Lugod, Lamay at Segli ang naunang humimod sa lason na iniluwa ng sawa sa dahon ng bila. Sumunod ang iba pang uri ng ahas.

Kamuntik na rin iyong himurin ni Linta nguni't pinigii siya ng mga ahas.

"Huwag ka nang humimod pa. Kagañin mo na lamang ang lahat ng taong makita mo," saway ng mga ahas sa linta.

Hindi na nga humimod pa si Linta.

Huli sa lahat na humimod ang ahas na si Ledak. Walang kamandag ang ganitong uri ng ahas sa ngayon sapagka't natuyo na at naubos na rin ang kamandag sa dahon ng bila nang dumating siya.

Ngayon, kung may makitang taong nagdaraan ang sawa, hindi na niya hinihimod ang bakas ng kaniyang mga paa. Wala na rin itong kamandag ngayon sapagka't nailuwa na niya.

Kuwento Ito tungkol sa mga Tao Noong Unang Panahon

Sinasabi na noong unang panahon ay nagkaroon ng tagtuyot. Naigang lahat ang mga ilog, pati na ang mga sapa at ang mga balon. Tigang na tigang sa lahat ng dako.

Noong panahong iyon, may isang lalaking may alagang aso. Maagang-maaga pa'y umalis na ng bahay ang nasabing aso. Tanghali na nang siya'y umuwi. Basang-basa ang kaniyang buong katawan. Nagtaka ang kaniyang amo. Basang-basa nga naman ang kaniyang aso.

"Siguro, galing ang asong ito sa isang lugar na may tubig," anang lalaki.

Naulit pa ito, ayon sa sabi, kaya't sinundan na siya ng kaniyang amo. Saan man pumunta ang aso, doon din nagtutungo ang kaniyang amo.

Lakad sila nang lakad hanggang sa makarating sila sa isang gubat. Lumigid ang aso sa isang malaking punongkahoy. Pagkatapos, nilingon niya ang kaniyang amo na nasa likod niya. Sinundan ng lalaki ang aso sa isang panig sa ilalim ng puno na tila itinuturo noon. Kapagdaka'y nakakita siya ng tubig na bumubukal mula sa ilalim ng malaking punong-kahoy na iyon. Pagkakita ng lalaki sa tubig, niyakap niya ang kaniyang aso sa katuwaan.

Buong ingat na inalis ng lalaki ang isang malaking bato sa tabi ng binubukalan ng tubig. Pagkatapos, patakbo siyang umuwi sa kanilang lugar. Tinawag ang kaniyang mga kasamahan. Nagtipun-tipon kaagad ang mga tao sa bahay ng lalaking nakakita ng tubig.

"Mabubuhay na tayo ngayon. May tubig na tayo," anang lalaki sa mga tao.

"Saan ka nakakita ng tubig?" tanong ng kaniyang mga kasamahan.

"Hindi ako kundi ang aking aso ang nakatuklas nang binubukalan noon. Maagangmaaga pa'y umalis na niya. Tanghali na noong siya'y dumating. Basang-basa siya. Bukod sa rito'y umungul-ungol siya sa akin. Kaya pala gayo'y gusto niya akong sumama sa kaniyang pinanggalingan.

Dumako kami sa isang malaking punongkahoy. May isang malaking bato sa ilalim noon. Sa ilalim ng malaking bato'y nakita kong may tubig na bumubukal doon. Tuwang-tuwa ako. Nayakap ko tuloy ang aking aso.

Isipin na lamang kung gaano kaligaya ng mga taong tinawag ng amo ng aso. Nagyakapan sila.

"Anong buti ng nangyaring ito, Kaibigan," anila sa amo ng aso.

Isipin pa ring tuyung-tuyo ang kapaligiran. Lupa lamang ang makikita. Walang tumutubong anuman.

"Ngayon, mabubuhay na tayong lahat. May tubig na tayo," wika ng mga tao, kung hindi dahil sa iyong alagang aso marahil ay wala pa tayong tubig hanggang ngayon."

Magmula noon, ang bawa't isang pamilyang magluluto ng kanin ay nagpapadala ng pagkain sa amo para sa kaniyang aso. Parang tao ang naging pagtingin nila sa aso. Ganito nila siya minahal. Magmula rin noon, hindi na sila nawalan ng tubig.